

Tala: 1

Pagsasa-ayos sa Luslos(includes abstract) McCoy K; Nath R; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052405

Abstract: Ginagamot ng operasyong ito ang mga luslos. Nabubuo ang luslos kapag nanghina, umuumbok, o napupunit ang panloob na balat ng tiyan. Nagdudulot ito ng pag-usli ng panloob na balat ng tiyan at bumubuo ng sako. Nangyayari ang mga luslos sa mga sumusunod na bahagi: Singit (tinatawag na inguinal hernia), ang pinaka-karaniwang bahagi ; Pusod ; Bahagi ng isang hiwa sa operasyon ; Itaas na bahagi ng gitna ng tiyan ; Sa pagitan ng tiyan at hita ; Kung saan nagdurugtog ang lalaugan (esophagus) at ang sikmura (tinatawag na hiatal hernia) ; Kung saan alinmang bahagi ng katawan ay di-normal na umu-usli sa alinmang iba pang bahagi

View English

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Pagsasa-ayos sa Luslos

(Herniorrhaphy; Repair, Hernia)

ni: Krisha McCoy, MS

[\[View English Version\]](#)


Kahulugan

Ginagamot ng operasyong ito ang mga luslos. Nabubuo ang luslos kapag nanghina, umuumbok, o napupunit ang panloob na balat ng tiyan. Nagdudulot ito ng pag-usli ng panloob na balat ng tiyan at bumubuo ng sako.

Nangyayari ang mga luslos sa mga sumusunod na bahagi:

- Singit (tinatawag na inguinal hernia), ang pinaka-karaniwang bahagi
- Pusod
- Bahagi ng isang hiwa sa operasyon
- Itaas na bahagi ng gitna ng tiyan
- Sa pagitan ng tiyan at hita
- Kung saan nagdurugtog ang lalaugan (esophagus) at ang sikmura (tinatawag na hiatal hernia)
- Kung saan alinmang bahagi ng katawan ay di-normal na umu-usli sa alinmang iba pang bahagi

Inguinal Hernias



Direktang luslos sa singit

Di direktang luslos sa singit

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

[Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan](#)

Ang mga pinaka-karaniwang bahagi ay:

- Singit
- Tiyan at guwang ng tiyan

Mga Dahilan para sa Proseso

Ginagawa ito upang isaayos ang luslos. Kung ang luslos ay "nasasakal" (nakurot kung kaya ang suplay ng dugo ay naputol), ginagawa ang agarang operasyon. Kung hindi ito nasasakal, maaari mong piliin kung kailan gagawin ang operasyon. Kung walang operasyon, hindi gagaling ang luslos. Ang pananakit at sukat ng luslos ay kadalasang tumataas paglipas ng panahon.

Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

Kasama sa mga salik ng panganib ang:

- Pagkakaroon ng mga kondisyong neurological, cardiovascular, o respiratory
- Edad: lampas 70 taong gulang
- Labis na katabaan
- Paninigarilyo
- Isang aktibong impeksiyon

Anong Maaasahan

Bago ang proseso

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal
- Mga pagsusuri sa dugo
- Mga pagsusuri sa ihi
- Electrocardiogram (EKG, ECG)—isang pagsusuring nagtatala sa pagtibok ng puso sa pamamagitan ng pagsukat sa mga kuryenteng dumadaan sa kalamnan ng puso
- Ibibilin sa iyong itigil ang ilang mga gamot bago ang operasyon (halimbawa, aspirin) upang maiwasan ang mga interaction sa mga anesthetic at di-normal na pagdurugo
- Tatanungin kung umiinom ka ng mga gamot para sa iyong puso o para sa diabetes

Sa mga araw bago ang araw ng iyong proseso, maaaring irekomenda ng iyong doktor na:

- Sundin ang espesyal na diyeta
- Uminom ng mga antibiotic
- Maligo sa gabi bago nito gamit ang sabong pangontra sa bacteria
- Makipag-ayos sa isang taong magmamaneho para sa iyo at makakatulong sa iyo sa bahay
- Sa gabi bago nito, kumain ng hindi masyadong nakakabusog na pagkain at huwag kumain o uminom ng anuman paglampas ng hatinggabi.
- Magsuot ng kumportableng damit.

Anesthesia

- Local anesthesia (pinapamanhid ang bahagi) o general anesthesia

Paglalarawan sa Proseso

Conventional na Pagsasa-ayos sa Luslos

Gagawin ang isang hiwa sa ibabaw ng bahagi. Ibabalik ng siruhista ang luslos sa guwang ng tiyan at

maaaring tanggalin ang sako. Pinagdirikit sa pamamagitan ng tahi ang mga kalamnan sa paligid ng luslos upang ayusin ang butas o panghihina. Kung malaki ang luslos o nasa singit, ipinapasok ang piraso ng lambat. Ginagawa ito upang gawin ang pag-ayos nang walang pagtatahi sa mga kalamnan.

Laparoscopic na Pagsasa-ayos sa Luslos

Ginagawa ang ilang mga maliliit na hiwa sa guwang ng tiyan. Ipinapasok ng siruhista ang isang laparoscope, na isang maliit na camera na may ilaw, at pinapanood ang luslos sa isang telebisyon. Isinasaayos ang luslos gamit ang mga maliliit na instrumentong ipinasok sa pamamagitan ng iba pang mga hiwa.

Pagkatapos ng proseso, isinasara ang mga hiwa ng mga tahi o staple. Inilalagay ang sterile dressing.

Pagkatapos ng Proseso

Sa recovery room, tatanggap ka ng mga likido at mga gamot sa pananakit sa pamamagitan ng linyang intravenous (IV).

Gaano Katagal Ito?

- Mas mababa sa 2 oras

Masakit Ba?

Pinipigilan ng anesthesia ang pananakit habang inooperahan. Maaaring makaramdam ka ng pananakit habang nagpapagaling, ngunit makakatulong ang pag-inom ng gamot para sa pananakit.

Mga Posibleng Kumplikasyon

- Pinsala sa mga kalapit na organo o parte (halimbawa, bituka o pantog)
- Impeksiyon
- Pagdurugo
- Pagsapeklat
- Pulmunya at iba pang mga panganib sa general anesthesia

Karaniwang Pananatili sa Ospital

- Wala

Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Tanungin ang iyong doktor tungkol sa iyong diyeta at mga gawain.
- Sa mga unang ilang araw, dahan-dahang bumalik sa iyong karaniwang gawi.
- Uminom ng gamot para sa pananakit kung kinakailangan.
- Tanungin ang iyong doktor tungkol sa ilang mga gawain (halimbawa, pagmamaneho, pakikipagtalik). Maaaring kailangan mong maghintay nang 1-2 linggo.
- Iwasan ang labis na pagpapagod (halimbawa, matinding ehersisyo at pagbubuhat) nang 6-8 linggo.

Mas maigsi ang panahon ng paggaling sa laparoscopic surgery.

Resulta

Depende ang kalalabasan sa iyong kalusugan, edad, uri ng luslos, at lakas ng tissue sa iyong tiyan. May ilang panganib na maaaring bumalik ang luslos. Mababawasan mo ito sa:

- Pagpapanatili ng tamang timbang.
- Pagpapalakas sa iyong mga kalamnan sa tiyan
- Paggamot sa talamak na pagtitibi , mga allergy , o talamak na pag-ubo
- Pagkain ng diyetang mataas sa fiber

[Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod](#)

Pagkagaling sa ospital, tawagan ang inyong doktor kung magkakaroon ng alinman sa mga sumusunod:

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, pagtindi ng sakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido o nana sa hiwa o sugat
- Pananakit, paghapdi, pagkaramdam na ihing-ihing, o madalas na pag-ihing, o tuluy-tuloy na pagdurugo sa ihing
- Labis na pananakit o pamamaga
- Malubha o tumitinding pananakit

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Número ng Item: 2010052405